Siya noon ay nasa paglilingkod sa mag-anak niya," tumutukoy siya sa pagsisilbi sa mag-anak niya, "saka kapag sumapit ang pagdarasal, lumalabas siya papunta sa pagdarasal."}

Ayon kay Al-Aswad bin Yazīd na nagsabi: {Nagtanong ako kay `Ā'ishah kung ano ang ginagawa noon ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa bahay niya. Nagsabi ito: "Siya noon ay nasa paglilingkod sa mag-anak niya," tumutukoy siya sa pagsisilbi sa mag-anak niya, "saka kapag sumapit ang pagdarasal, lumalabas siya papunta sa pagdarasal."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy]

Tinanong ang Ina ng mga Mananampalataya na si `Ā'ishah tungkol sa kalagayan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa bahay niya at kung papaano noon ang ginagawa niya. Nagsabi ito: "Siya ay isang taong kabilang sa mga tao at gumagawa ng ginagawa ng mga lalaki sa mga bahay nila sapagkat siya ay nasa sa paglilingkod sa sarii niya at mag-anak niya. Naggagatas siya ng tupa niya, nagsusulsi siya ng damit niya, nagkukumpuni siya ng sandalyas niya, at nagtatapal siya ng timba niya. Kapag naman sumapit ang pagsasagawa ng pagdarasal, lumalabas siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) papunta roon nang walang pagpapahuli."

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/6220